


# Edukasyon sa Pagpapakatao

**Ikaapat na Markahan – Modyul 7:  
Paghihinuha sa Pagbuo Ng  
Personal Na Misyon Sa Buhay  
Tungo sa Kabutihang Panlahat**



**Edukasyon sa Pagpapakatao– Ikasiyam na Baitang  
Alternative Delivery Mode**

**Ikaapat na Markahan – Modyul 7: Paghihinuha Sa Pagbuo Ng Personal Na Misyong Sa Buhay Tungo sa Kabutihang Panlahat  
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

<b>Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul</b>	
<b>Manunulat:</b>	Emma G. Tillano, Ed.D.
<b>Editor:</b>	Vicente Jose V. Suarez, II, EMD, Jacqueline A. Mirasol, MT I
<b>Tagasuri:</b>	Jephone P. Yorong, Ed.D.
<b>Tagaguhit:</b>	Edgardo P. Jamilar, Jr.
<b>Tagalapat:</b>	Peter A. Alavanza, Blessy T. Soroyoroy
<b>Tagapamahala:</b>	Dr. Isabelita M. Borres, CESO III Eugenio B. Penales, Ed. D. Sonia D. Gonzales Felix Romy A. Triambulo, CESO VI Ella Grace M. Tagupa, Ed.D. Jephone P. Yorong, Ed.D.

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Department of Education – Region IX**

Office Address: Regional Center, Balintawak, Pagadian City

E-mail Address: [region9@deped.gov.ph](mailto:region9@deped.gov.ph)

# 9

## **Edukasyon sa Pagpapakatao**

**Ikaapat na Markahan – Modyul 7:  
Paghihinuha sa Pagbuo ng  
Personal na Pahayag ng Misyon  
sa Buhay Tungo sa Kabutihang  
Panlahat**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.




## ***Alamin***

Ang Personal na Misyong sa Buhay ay katulad ng isang personal na kredo o isang motto na nagsasalaysay kung paano mo ninanais na dumaloy ang iyong buhay. Nagsisilbi itong simula ng matatag na pundasyon sa pagkakaroon mo ng sariling kamalayan at mataas na pagpapahalaga sa iyong mga layunin sa buhay.

Nagsisilbi mo rin itong batayan sa iyong gagawin na mga pagpapasya sa araw-araw, at kung papansining mabuti, kaakibat ng ating mga pagpapasya ay hindi lamang bunga sa ating sarili kundi na rin sa ating kapwa. Ang pagpapasya natin ng ayon sa ating PPMB ay kalauna'y binubuo ang pananagutan sa isang indibidwal. Kalakip ng pananagutan sa mga kilos, ay ang pagmamahal at pagmamalasakit sa kapwa tungo sa kabutihang panlahat.

Sa modyul na ito, inaasahang maipamamalas mo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan, at pag-unawa:

14.3 Nahihinuha na ang kanyang Personal na Pahayag ng Misyong sa Buhay ay dapat na nagsasalaman ng kanyang pagiging natatanging nilalang na nagpapasya at kumikilos nang mapanagutan tungo sa kabutihang panlahat. (EsP9PK-IVd-14.3)



## Subukin

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang bawat aytem. Isulat ang mga sagot sa iyong kuwaderno.

1. Ang mga sumusunod ay nagpapakita ng pagiging mapanagutan, maliban sa isa: \_\_\_\_\_.
  - a. Si Henry ay naglilista ng mga maaaring maging epekto ng kanyang gagawing pasya.
  - b. Si Janelle ay nagbibigay konsiderasyon sa kapakanan ng kanyang pamilya sa kanyang ginagawang kilos.
  - c. Si Patrick ay nagtatakda ng kanyang mga layunin batay sa kanyang sariling kapakanan lamang.
  - d. Si Mirriam ay nagninilay ukol sa mga mithiing kanyang itatakda sa kanyang Personal na Pahayag ng Misyon sa Buhay.
  
2. Bakit mahalaga na makamit ang kabutihang panlahat?
  - a. Upang magkaroon ng kalayaang kumilos na masaya, may pagkakaisa, unawaan, pagdadamayan at respeto
  - b. Upang maging maganda ang kalagayan ng mamamayan at kapag ikaw naman ang nangangailangan ay sila naman ang tutulong sa iyo
  - c. Upang hindi na magtatrabaho ang karamihan dahil umaasa na lamang sa iilang lider sa pamayanan
  - d. Upang maging marangya ang lahat ng nasasakupan at naghihintay lamang sa utos ng namamahala sa kanilang pamayanan
  
3. Sa paanong paraan magagampanan ng tao ang hangarin sa buhay na magdadala sa kaniya tungo sa kaganapan?
  - a. Kung ikaw ay makatapos ng pag-aaral para sa sarili
  - b. Kung ating magagampanan ang ating misyon sa buhay
  - c. Kung susundin mo ang dikta ng iyong konsensya
  - d. Kung matutugunan at magagampanan mo ang sarili
  
4. Alin sa sumusunod ang **hindi** kabilang sa mga hakbang na gagawin sa pagiging tapat sa tungkulin?
  - a. Pagsagawa ng bagay para sa sariling adhikain
  - b. Pagpasok at pag-uwi ng tama sa oras
  - c. Pagsusumite ng mga hinihingi na dapat ipasa sa paaralan
  - d. Pagtuturo ng maayos dahil ito ang aking misyon

5. Saan dapat makabubuti ang isasagawang pagpapasya?
  - a. Sarili, kapwa at lipunan
  - b. Sariling kapakanan
  - c. Nakatuon lamang sa ispirituwal na aspeto
  - d. Kailangang bigyang pansin lamang ang pamayanan
  
6. Alin sa mga sumusunod na sitwasyon ang tumutukoy sa pag-abot sa kabutihang panlahat?
  - a. Si Jerry ay nagtatakda ng kanyang mga mithiin para sa kanyang sariling kapakanan
  - b. Si Anna ay madalas mag-ensayo upang mapaunlad ang kanyang talento sa pagsayaw
  - c. Si Kimpy ay nag-aaral ng mabuti upang matupad ang kanyang pangarap na maging isang *accountant*.
  - d. Si Emily ay nagdesisyon na makilahok sa pagbabahagi ng *relief goods* sa mga nasalanta ng bagyo sa kanilang lugar
  
7. Ang mga sumusunod na pagpapahalaga ay mainam sa pagbuo ng mabuting pasya sa buhay maliban sa isa: \_\_\_\_\_.
  - a. Kasanayan
  - b. Pananagutan
  - c. Katapatan
  - d. Determinasyon
  
8. Ano ang kahulugan sa kasabihang, “Walang sinuman ang nabubuhay para sa sarili lamang”?
  - a. Lahat ng nilalang ng Diyos ay may mahalagang papel na ginagampanan sa bawat isa.
  - b. Ang tao ay nangangailangan ng ibang tao para mabuhay.
  - c. Lahat ng tao o hayop ay may pananagutan isa’t-isa.
  - d. Lahat ng nabanggit
  
9. Ano ang pinagbabatayan mo sa iyong pagpapasya?
  - a. Kung ano ang idinidikta sa iyo
  - b. Kung ito ay itinuturo sa iyo
  - c. Kung saan ka madaling matututo
  - d. Kung ano ang pinakamahalaga sa iyo
  
10. Ang mga sumusunod ay mga konsepto ng kabutihang panlahat **maliban** sa isa.
  - a. Paggalang sa pagkatao ng indibiduwal
  - b. Kagalingang panlipunan
  - c. Karangalan ng bawat isa
  - d. Kapayapaan at kaligtasan

**Modyul**  
**7**

**Paghihinuha sa Pagbuo ng  
Personal na Pahayag ng  
Misyong sa Buhay Tungo sa  
Kabutihang Panlahat**

Ang pagsulat ng Personal na Pahayag ng Misyong sa Buhay (PPMB) ay hindi madalian o nabubuo lamang sa isang oras. Ito ay kailangan mong pagnilayan, paglaanan ng sapat na panahon. Kailangan mong ialay ang iyong buong sarili sa ginagawa nito. Sa oras na ito ay mabuo mo, ito ang magiging saligan ng iyong buhay. Magkakaroon ka ng pagbabago sapagkat ang lahat ng iyong gagawin o iisipin ay nakabatay na dito.

Sa pagbuo ng PPMB, dapat ito ay nakatuon hindi lamang sa pansariling kagustuhan kundi nakasentro rin sa pagmamalasakit sa ibang tao. Ang Personal na Pahayag ng Misyong sa Buhay ng isang tao ang gagabay sa kanya sa pagsasagawa ng makatarungang mga kilos tungo sa kabutihang panlahat.



***Balikan***

Sagutin ang tanong:

Ayon sa iyong sariling pananaw, sa paanong paraan mo maisasabuhay ang mga hakbangin sa pagbuo ng Personal na Pahayag ng Misyong sa Buhay tungo sa karera o kurso na nais mong piliin? Magbigay ng mga konkretong halimbawa sa bawat hakbang batay sa iyong sariling buhay.

---

---

---

---

---

---





### ***Mga Tala para sa Guro***

Magandang araw sa iyo. Kumusta ka? Muli na naman tayong magkakasama. Inaasahan kong natulungan ka ng mga naunang modyul na ginawa ko para sa iyo. Muli, naghanda na naman ako ng modyul na tutulong sa iyo upang tuklasin ang iyong personal na pahayag ng misyon sa buhay.



### ***Tuklasin***

Gawain 1: Sa paggawa mo ng iyong Personal na Pahayag ng Misyon sa Buhay, mahalaga ang pagpapasya. Paano ka nagpapasya? Sa iyong palagay, nakatuon ba ang iyong pasya sa tamang direksiyong iyong tatahakin tungo sa pagganap mo ng iyong mga layunin sa buhay? Ano ang mga bagay na iyong isinasaalang-alang bago ka bumuo ng iyong aksyon o desisyon sa buhay? Mayroon ka bang saligang ginagamit upang maging maayos at tama ang iyong gagawin?

Panuto:1. Magbigay ng limang sitwasyon kung saan nagsagawa ka ng pagpapasiya

- (1) Pasya para sa sarili
- (2) Pasya para sa pag-aaral
- (3) Pasya para sa kapwa (Pamilya)
- (4) Pasya para sa kapwa (Kaibigan/Kapitbahay/Ibang Tao)
- (5) Pasya para sa komunidad

2. Punan ang mga kasunod na kolum ayon sa impormasyong hinihingi ng mga ito. Gawin ito sa kuwaderno.

<b>Limang sitwasyon na kinakaingan kong magpasya</b>	<b>Pagpapasiyang nabuo ko at dahilan o batayan nito</b>	<b>Mabuting naidulot</b>	<b>Hindi mabuting naidulot</b>
(1) Pasya para sa sarili (2) Pasya para sa pag-aaral (3) Pasya para sa kapwa (Pamilya) (4) Pasya para sa kapwa (Kaibigan/Kapitbahay/ka sama sa Simbahan/Ibang Tao) (5) Pasya para sa komunidad			

Sagutin ang mga tanong:

1. Ano ang natuklasan mo sa iyong sarili batay sa mga pagpapasiyang ginawa mo?

---



---



---

1. Sa paanong paraan makakaapekto ang mga naisagawa mong pasya sa mga naitalang sitwasyon sa iyong hinaharap? Magbigay ng halimbawa at ipaliwanag.

---



---



---

3. Bakit mahalaga na magpasiya nang tama? Ipaliwanag

---



---



---



## ***Suriin***

Ang Personal na Pahayag ng Misyong sa Buhay ay sumasalamin sa kung ano ang iyong adhikain o layunin sa ating buhay. Ito ang nagsisilbinating gabay o batayan ukol sa ating mga kilos at pagpapasya sa buhay. Maituturing na mahalaga ang pagbuo nito dahil binibigyang kabuluhan nito ang pamumuhay natin bilang isang indibidwal sa mundo sa pamamagitan ng pagkakaroon natin ng magandang tunguhin sa buhay. Kaugnay ng pagbuo ng Personal na Pahayag ng Misyong sa Buhay ay ang kahalagahan ng pagpapasya.

Ang pagpili (Inglis: *decision making*) ay maituturing bilang isang prosesong mental (prosesong kognitibo) na nagreresulta sa pagpili ng isang kurso ng kilos mula sa ilang mga kapalit o alternatibong mga eksena. Bawat proseso ng pagdesisyon ay nakagagawa ng isang pinal o hindi na mababago pang pagpili. Ang kinalabasan ay maaaring isang galaw o aksiyon o kaya isang napiling opinyon.

### **Mga hakbang sa paggawa ng mabuting pasya:**

1. Magkalap ng kaalaman
2. Magnilay sa mismong aksyon
3. Hingin ang gabay ng Diyos sa ginagawang pagpapasya
4. Tayahin ang damdamin sa napiling isasagawang pasya
5. Pag-aralang mabuti ang pasya

### **Proseso ng pagpapasya:**

Ang pagpapasya ay di maaring gawin isang araw lamang. Ito ay nangangailangan ng sapat na panahon upang makapagpapasya ng tama. Ang pagpapasya ay isang mapang-hamong gawain ng bawat indibidwal sa araw-araw. Mahalagang isaisip na ang mga pasyang ating isinasagawa sa ating mga buhay ay may kalakip na bunga o kahihinatnan, kung kaya't ang matalino at maingat na pagpapasya ang kinakailangan nating isagawa sa ating buhay. Dagdag pa rito, marapat nating isaalang-alang ang ilang mga bagay tulad ng ating mga pagpapahalaga sa ating pagpapasya sa buhay. Isa sa mga pagpapahalagang marapat na magkaroon ang isang indibidwal ay ang pagkakaroon ng pananagutan o *accountability*.

Sa pagpapasya ay kailangan mong alamin kung ano ang iyong pananagutan. Narito ang proseso ng mainam na pagpapasya:

1. Alamin mo kung ano ba ang iyong papel na gagampanan. Kailangan maunawaan mo ang iyong pananagutan sa anumang kahihinatnan ng iyong pagpapasya.
2. Maging tapat, isantabi ang kayabangan dahil hindi ito makakatulong sa pagpapasya.
3. Dapat marunong kang magpakumbaba lalo na kung mali ang naging pasya mo.
4. Gamitin mo ng tama ang iyong oras.
5. Sa pagpapasya kailangan mo ang payo ng ibang tao.
6. Pagnilayang maigi ang gagawing pasya. Kaya sa pagpapasya ay dapat sinusuri muna ang lahat ng kahihinatnan upang madali mo itong maagapan kung sakaling mali ang naging desisyon mo.

Ang kahihinatnan ng ating mga pasya ay hindi lamang magre-resulta sa mabuti o masamang pangyayari kundi maaari itong maka-apekto sa ating mga sarili, at sa mga taong nakapaligid sa atin.

Kaya naman, dapat pag-isipan natin na gumawa ng mga desisyon na hindi lamang para sa ikabubuti ng ating sarili kundi pati sa nakararami. Ito'y katulad lamang sa kasabihang “Walang sinuman ang nabubuhay para sa sarili lamang”.

Dahil dito, masasabi natin na ang kabutihang panlahat ay ang pagpapahalagang naiiba sa ating pansariling kapakanan. Ito rin ang kabilugan ng Pamumuhay Pangkabuhayan, Panlipunan at Pangkultural na nagiging daan ng tao upang kaagad nilang matamo ang kaganapan ng kanilang pagkatao.

***Tatlong konsepto ng kabutihang panlahat na sumasakop sa tatlong aspekto ng kaganapan ng tao:***

1. **Ang paggalang sa indibiduwal na tao.** Matatamo natin ito sa pamamagitan ng paggalang at pag respeto sa dignidad at mga karapatang pantao ng sino mang indibiduwal.
2. **Kagalingang panlipunan.** Tungkulin ng pamahalaan na bigyan ang tao. Halimbawa nito ay ang pagbigay ng sapat na oportunidad para sa lahat na makamit ang magandang edukasyon, trabaho, at iba pang pangangailangan.
3. **Kapayapaan at kaligtasan.** Tungkulin ng mga may kapangyarihan na tiyakin ang kaligtasan at mapanatili ang kapayapaan sa lipunan. Tungkulin nilang maipatupad ang batas upang maayos ang kalakaran sa lipunan.



## ***Pagyamanin***

Isulat mo ngayon sa loob ng kahon ang mga pasyang iyong ginawa noong mga nakaraang taon na nagdulot ng mainam na kahihinatnan sa iyong kapwa, tulad ng iyong pamilya, kaklase, kapit-bahay at maging kasama sa simbahan. Gawin sa kwaderno.

Mga Pasya Tungo sa Kabutihan ng Aking Kapwa

Mga tanong: Sagutin ito sa kwaderno.

1. Ano ang naramdaman mo pagkatapos ng gawain? Ipaliwanag.

---

---

---

---

2. Anong mga pagpapahalagang mayroon ka ang sa tingin mong nakatulong sa'yo upang magdulot ng kabutihan para sa iba? Patunayan.

---

---

---

---

3. Bakit mahalagang isa-alang-alang ang kabutihan ng lahat sa pagsasagawa ng pasya? Pangatwiran.

---

---

---

---



## **Isaisip**

Panuto:

1. Sa talahanayan sa ibaba, isulat sa kanang kolum ang iyong ginawang pakikilahok o pakikibahagi sa bawat konteksto kung saan ipinakita mo ang iyong kahusayan.
2. Gawin ito sa kuwaderno.

<b>Konteksto</b>	<b>Ang aking pakikilahok o pakikinahagi</b>
1. Pamilya	
2. Paaralan	
3. Pamayanan	
4. Simbahan	

Mga Tanong:

1. Nakadama ka ba ng kasiyahan o kaganapan *sense of fulfillment* sa ginawa mong pakikilahok o pakikibahagi? Ipaliwanag.

---

---

---

---

2. Ano ang motibasyon mo o personal na dahilan sa ginawa mong pakikilahok o pakikibahagi? Ipaliwanag.

---

---

---

---

3. May kaugnayan ba ang ginawa mong pakikilahok o pakikibahagi sa iyong misyon sa buhay? Pangatwiranan.

---

---

---

---



## **Isagawa**

Upang higit pang malinang ang iyong kaalaman sa paksang pinag-aaralan, subuking sagutin ang tanong. Galingan!

Batay sa iyong mga natutunan, ano-anong mga layunin ang maaari mong itakda, alinsunod sa iyong Personal na Pahayag ng Misyong sa Buhay, na makakapagbahagi sa kabutihang panlahat?

<b>Kontesкто:</b>	<b>Ang aking mga Layunin</b>
1. Pamilya	
2. Paaralan	
3. Pamayanan	
4. Simbahan	

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---



## **Tayahin**

Halina't ating sukatin ang iyong nakaimbak na kaalaman sa aralin. Subuking sagutin ang mga sumusunod na aytem para sa pagtataya.

Panuto: Basahin ang bawat aytem at piliin ang angkop na sagot sa mga tanong/pahayag. Isulat lamang ang titik sa sagutang papel.

1. Saan dapat makabubuti ang isasagawang pagpapasya?
  - a. Sarili, kapwa at lipunan
  - b. Sariling kapakanan
  - c. Nakatuon lamang sa ispirituwal na aspeto
  - d. Kailangang bigyang pansin lamang ang pamayanan

Para sa 2-3.

Si Harold ay isang mag-aaral sa Baitang 9. Mithiin niyang maging isang guro sa hinaharap dahil nakita niya ang matinding kakulangan sa aspeto ng edukasyon sa Pilipinas at maraming mga batang kagaya niya ang walang kakayanang makapag-aral. Nais niyang maging guro upang makatulong sa mga bata tungo sa kanilang pagkatuto dahil para sa kanay, "Ang kabataan ang pag-asa ng bayan".

2. Ano ang nais ni Harold na maganap sa kanyang pagiging isang guro sa hinaharap?
  - a. Maging pursigido, determinado sa pagsasagawa ng mga naisin bilang isang guro
  - b. Maging aktibo sa anumang gawain sa paaralan
  - c. Makatulong sa mga kabataang walang kakayanang makapag-aral
  - d. Maging abala sa araw-araw upang maging maunlad sa buhay
3. Ang mithiin ba ni Harold ay naghahangad ng Kabutihang Panlahat?
  - a. Hindi, dahil ito ay isang paraan lamang niya ito para kumita ng pera
  - b. Oo, dahil isinasa-alang-alanng niya ang sarili niyang kapakanan
  - c. Oo, dahil ito ay may layuning makapag-abot ng tulong sa kapwa
  - d. Hindi, dahil naniniwala siya na kapag ginawa niya ito ay makukuha niya ang atensyon ng iba



4. Sa paanong paraan magagampanan ng tao ang hangarin sa buhay na magdadala sa kaniya tungo sa kaganapan?
  - a. Kung matutugunan at magagampanan mo ang sarili
  - b. Kung ikaw ay makatapos ng pag-aaral para sa sarili
  - c. Kung susundin mo ang dikta ng iyong konsensya
  - d. Kung ating magagampanan ang ating misyon sa buhay
  
5. Ang mga sumusunod na pagpapahalaga ay mainam sa pagbuo ng mabuting pasya sa buhay maliban sa isa: \_\_\_\_\_ .
  - a. Katapatan
  - b. Kasanayan
  - c. Pananagutan
  - d. Determinasyon
  
6. Alin sa mga sumusunod na sitwasyon ang tumutukoy sa pag-abot sa kabutihang panlahat?
  - a. Si Jerry ay nagtatakda ng kanyang mga mithiin para sa kanyang sariling kapakanan
  - b. Si Anna ay madalas mag-ensayo upang mapaunlad ang kanyang talento sa pagsayaw
  - c. Si Kimpy ay nag-aaral ng mabuti upang matupad ang kanyang pangarap na maging isang *accountant*.
  - d. Si Emily ay nagdesisyon na makilahok sa pagbabahagi ng *relief goods* sa mga nasalanta ng bagyo sa kanilang lugar
  
7. Bakit mahalaga na makamit ang kabutihang panlahat?
  - a. Upang di na magtatrabaho ang karamihan dahil umaasa na lamang sa iilang lider sa pamayanan
  - b. Upang maging maganda ang kalagayan ng mamamayan at kapag ikaw naman ang nangangailangan ay sila naman ang tutulong sa iyo
  - c. Upang magkaroon ng kalayaang kumilos na masaya, may pagkakaisa, unawaan, pagdadamayán at respet.
  - d. Upang maging marangya ang lahat ng nasasakupan at naghihintay lamang sa utos ng namamahala sa kanilang pamayanan
  
8. Ano ang kahulugan sa kasabihang, “Walang sinuman ang nabubuhay para sa sarili lamang”?
  - a. Lahat ng nilalang ng Diyos ay may mahalagang papel na ginagampanan sa bawat isa.
  - b. Ang tao ay nangangailangan ng ibang tao para mabuhay.
  - c. Lahat ng tao o hayop ay may pananagutan isa’t-isa.
  - d. Lahat ng nabanggit

9. Ang mga sumusunod ay mga konsepto ng kabutihang panlahat **maliban** sa isa.
- a. Paggalang sa pagkatao ng indibiduwal
  - b. Kagalingang panlipunan
  - c. Karangalan ng bawat isa
  - d. Kapayapaan at kaligtasan
10. Alin sa mga sumusunod na pagpapahalaga ang **di** kabilang sa paggawa ng maingat na pagpapasya tungo sa kabutihang panlahat?
- a. Ang pagsaalang alang ng kabutihan ay di lamang pansarili
  - b. Dapat ang kabutihan ay ibahagi mo sa lahat
  - c. Kung anong kabutihan mo sa kapwa ay tiyak babalik sa iyo ng di mo inaasahan
  - d. Dapat kung anumang nagawa/tulong mo sa iba ay hangad mo rin ang kapalit nito



## ***Karagdagan Gawain***

Sagutin at gawin ito sa iyong kuwarderno.

Ano ang maidudulot ng pagsasaalang-alang ng kabutihang panlahat sa mga pasya o layuning isasagawa? Magbigay ng konkretong halimbawa.

---

---

---

---

---

---



## ***Susi sa Pagwawasto***

**Tayahin**

1. A
2. C
3. C
4. D
5. B
6. D
7. C
8. D
9. C
10. D

**Subukin**

1. C
2. A
3. B
4. A
5. A
6. D
7. A
8. D
9. D
10. C

## ***Sanggunian***

Gayola, Sheryll T. et. al. 2015. Edukasyon sa Pagpapakatao 9: Modyul Para sa Mag-aaral. 5<sup>th</sup> Floor Mabini Bldg., DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600: FEP Printing Corporation

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)